# Ipagtanggol ang masang Bikolano mula sa diktadura ni Duterte! Pag-ibayuhin ang armadong pakikibaka sa rehiyon!

*Ka Raymundo Buenfuerza, Tagapagsalita*
*Romulo Jallores Command, RJC-BHB Bikol*
*Marso 29, 2021*

Binabati ng Romulo Jallores Command ang mga pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, milisyang bayan at yunit-pananggol sa sarili sa pagdiriwang ng buong bansa sa ika-52 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan. Pinakamataas na pulang pagsaludo ang iginagawad sa lahat ng nag-alay ng buhay para pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang landas na kanilang hinawan at ang mga kwento ng kanilang pagkamulat at pagbangon ay maisasalin sa susunod pang mga henerasyon ng mga rebolusyonaryo. Mahigpit na pakikipagkapit-bisig din ang inaaalay ng RJC - Bikol sa sambayanang Pilipino na walang lubay na nagpapatatag ng kanilang kolektibong pagbabalikwas laban sa mapang-api't mapagsamantalang naghaharing uri sa lipunang Pilipino.

Sa loob ng mahigit limang dekada, pinatalas ang pagsusulong ng armadong pakikibaka ng BHB sa pamamagitan ng wastong paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa rebolusyong Pilipino at kumuha ng aral sa mayaman at mahabang karanasan ng pakikipaghamok sa kaaway. Sa ilalim ng paggabay ng Partido Komunista ng Pilipinas natuto ito sa mga pagkakamali at tapat na nagwasto. Maging sa harap ng mga tagumpay, buong tapat itong humalaw ng mga positibo at negatibong aral upang higit pang pagyamanin at paunlarin ang kanyang paggampan bilang tunay na hukbo ng mamamayan. Sa lahat ng mga pagsulong at muling pag-igpaw, hindi binitawan ng BHB ang kanyang adhikaing pagsilbihan at itaguyod ang interes ng uring anakpawis. Sa kanyang mahigpit na pagtangan sa linyang masa, ang pagpapaunlad ng praktika at pag-aangat nito sa rebolusyonaryong teorya, lalong higit na napalakas ng Pulang hukbo ang kanyang hanay. Sa pamamagitan ng matalas na pampulitikang pandama at masikhay na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos, niyakap ng masang Bikolano ang BHB kasabay ng paalun-along pagsulong at paglawak nito sa buong bansa.



Minamahal at itinataguyod ng masang anakpawis ang rebolusyonaryong binhi na ipinunla ng BHB mula sa kabundukan hanggang sa kaparangan. Kabuklod ang kanilang kauri at tagapagtanggol, tinatanaw ng magsasakang Bikolano ang isang kinabukasang maibabalik sa kanila ang lupang kinamkam ng mga panginoong maylupa at matatamasa nila ang bunga ng kanilang pinagpagalan. Nasangkapan sila ng karunungan at napagyaman ang kanilang kakayahang pamunuan ang kanilang kolektibong lakas at bawiin, hindi hilingin, mula sa estado ang nararapat na para sa kanila. Sa kanilang pagkakaisa at pagpupursige, naipundar ang binhi ng demokratikong gubyernong bayan, ang rebolusyonaryong estado ng mga anakpawis sa mga baseng gerilya.  Ngunit, sa bawat pagbabalikwas, pinatutunayan ng papet na estado na hangga't hawak ng panginoong maylupa at burgesya komprador ang pampulitikang kapangyarihan, muli't muli nitong tatangkaing pigilan ang ganap na paglaya ng uring anakpawis. Anumang bigwas, anumang pasakit, nanatiling nakatayo ang paglaban ng mamamayang Bikolano at ng buong sambayanang Pilipino. Ito ang bangungot na nagpapaulol sa lahat ng rehimeng nagdaan.

Hindi magtatagumpay ang rehimen na durugin ang rebolusyonaryong  kilusan. Malinaw na ang bilyun-bilyong nilustay nito sa kampanyang pagpapasurender sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program ay para sa largadong kampanyang saywar at dagdag na kaban na pagdudukutan ng mga kurap na upisyal ng NTF - ELCAC.

Ang kasalukuyang henerasyon ng masang Bikolano ay nakararanas ng hindi matumbasang krisis sa delubyo na likha ng pasistang estado at sunud-sunod na pagbayo ng mga kalamidad at sakit. Nalalantad ngayon sa henerasyong henele ng huwad na demokrasyang burges at hungkag na pag-unlad ng mga neoliberal na patakarang pang-ekonomya ang sinasadyang kainutilan at kriminal na kapabayaan ng rehimen. Kinamumuhian ng rehimeng Duterte ang pagkamulat at pagbangon ng nagkakaisang hanay ng mamamayan. Nahihintakutan ito sa sandaling makamit ng sambayanang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan ang kritikal na lakas para lubos na mabawi mula sa naghaharing uri ang pampulitikang kapangyarihan. Tulad ng lahat ng tiraniko at diktador sa daigdig,

> **"Sa gitna ng pagkukulong sa mga magsasaka sa mga komunidad dahil sa militaristikong lockdown dulot ng pandemya at kriminal na kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno sa kanilang buhay at kabuhayan, napatunayan nilang tanging ang Bagong Hukbong Bayan at Partido Komunista ng Pilipinas ang magbibigay sa kanila ng pag-asa."**

desperado itong nagwawasiwas ng todo bigwas ng pasismo at terorismo para makakapit sa poder.

Kinakaharap ng rehiyon ang pinatindi pang pananalasa ng iba't ibang mukha ng operasyong militar at operasyong saywar. Sa ilalim ng masaklaw na terorismo ng estado, pamamayagpag ng juntang militar at diktadura, puu-puo ang pinaslang, daan-daan ang dinahas at libu-libong Bikolano ang gumigising nang may pangamba para sa buhay at kabuhayan ng kanilang kapamilya't komunidad. Lumaban o tumalilis, yan ang natitirang pagpipilian ng mamamayang Bikolano. Pinipili ng papalawak na hanay ng mamamayan ang tumindig, lumaban at magbalikwas.

Higit itong nakapagpalawak ng mga eryang kinikilusan sa rehiyon sa gitna ng kampanya ng juntang militar ng NTF/RTF-ELCAC. Mula sa matalas na pag-aaral ng sitwasyong militar at pampulitikang klima, nakahalaw ang Pulang Hukbo ng mga tiyak na hakbangin sa pagbigo ng kampanyang konstriksyon at nakapagpanatili ng kanyang lakas. Sa ilang prubinsya (sa rehiyon), nailatag ang mga pundasyon sa pagbubuo ng mga bagong platun at larangan mula sa mga matatagumpay na taktikal na opensiba, masikhay na gawaing masa at pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Inaani ng mga ito ang ilang pagsulong dahil sa maagap na pagtangan sa inisyatiba at pleksibilidad sa harap ng puspusang labanan.  At habang napapatunayan ang kaangkupan nito, lahatang panig na napapalakas ang armadong pakikibaka.

Ilinunsad sa iba't ibang larangang gerilya ang kampanya para sa pagpapataas ng umaasa-sa-sariling produksyon sa agrikultura at lalong napatunayan ang katumpakan ng kolektibong



pagkilos. Sinuhayan ito ng pamamahagi ng ayudang nakalap mula sa mga sumusuporta sa rebolusyon. Tuluy-tuloy ang gawaing edukasyon at pangkultura. Sa ilang pagkakataon, naging katuwang ng mga magulang at estudyante ang mismong mga pulang kumander at mandirigma sa pag-aangkop sa nakakahilong sistema ng modyul ng Kagawaran sa Edukasyon ng pabayang gubyerno. Naging masigla ang kampanyang propaganda at ahitasyon sa hanay ng hukbo at masa at napataas ang kamalayang pampulitika di lamang ng rebolusyonaryong pwersa kundi ng mga kasapi ng organisasyong masa at kanilang mga nauugnayan. Nagresulta ito sa aktibong pagtupad ng nabuong iba't ibang antas ng organisasyong masa sa kanilang mga gawain sa pagpapatibay at pagpapalawak sa kilusang anti-pyudal at anti-pasista at pagsuporta sa armadong pakikibaka. Nabigyan ng bagong sigla ang rekrutment ng mga bagong mandirigma habang sinisinsin ng mga mga sangay na Partido sa lokalidad ang kanilang programa sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Buong tatag at mapangahas na hinarap ng kilusang masa sa kalunsuran ang pampulitikang panunupil ng rehimen. Sinagupa nila ang malawakang pagsalaula sa karapatang tao at marahas na pagkakait ng mga demokratikong karapatan. Pinatunayan ng mga progresibong organisasyon at makabayang indibidwal na bumula man ang bibig ni Duterte at ng kanyang mga alipures kakamarka sa kanilang komunista, sila pa rin ang nagpapanukala, nagdadala at pursigidong magpatupad ng mga hakbangin at programang aayon sa interes ng sambayanan. Dahil sa pagkikriminalisa ng anumang pagtuligsa at paglaban, nagkaroon ng bagong tulak ang pag-ani ng suporta para sa armadong pakikibaka mula sa kalunsuran. Marami sa kanila'y piniling pumaloob sa mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon. Ang ilan sa kanila'y nagpahayag ng buong panahong paglilingkod sa BHB.

Nakatayo ang rehimeng Duterte at ang kanyang military junta sa sumusuray na pundasyon ng papabulok na sistemang malakolonyal at malapyudal at bitbit nitong pampulitika at pang-ekonomyang krisis. Ipinakikita na ng kaaway ang kanilang takot habang nasusukol sa isang sulok sa pamamagitan ng paghahasik ng kabangisan.

Nakatayo ang rehimeng Duterte at ang kanyang military junta sa sumusuray na pundasyon ng papabulok na sistemang malakolonyal at malapyudal at bitbit nitong pampulitika at pang-ekonomyang krisis. Ipinakikita na ng kaaway ang kanilang takot habang nasusukol sa isang sulok sa pamamagitan ng paghahasik ng kabangisan."

Hamon sa Romulo Jallores Command na higit na maging mapangahas sa pagpapalawak, pagpapatatag at pagtatanggol sa pulang kapangyarihan para maabot ang kritikal na lakas sa pagpapabagsak sa diktadura ni Duterte. Hamon sa RJC na pagbayarin ang AFP – PNP – CAFGU at lahat ng sagadsaring elemento na makinarya ng estado sa lahat ng krimen nito laban sa mamamayan. Kagyat na tungkulin ng mga yunit ng BHB sa Bikol, na maglunsad ng taktikal na opensibang bibigwas sa ulo at katawan ng kaaway , makapagsamsam ng marami pang armas at pagurin ang mga ito upang pigilan ang pananalasa sa mga eryang sinasaklaw ng Pulang Hukbo. Tungkulin ng BHB na ipatupad ang paggawad ng rebolusyonaryong hustisya para sa lahat ng dinahas at pinaslang ng mga death squad ng PNP, AFP at grupong paramilitar. Tungkulin din ng BHB ang pagpapatigil ng operasyon at pagpapalayas sa mga mapaminsalang lokal at mga dayuhang proyekto.

Sa puntong ito ng digmang bayan, kakailanganin ang higit pang kapangahasan at pagkamalikhain para sustenidong magampanan ng BHB ang mga gawaing pampulitika kasabay ng kanyang gawaing militar. Kakailanganin ng hukbo ng mamamayan ang aktibo at determinadong partisipasyon ng lahat ng uring api at pinagsamamantahan sa kanayunan at kalunsuran. Sa pagsisinop at pagsisinsin ng gawaing pampulitika ng BHB, kailangan ang pagpapataas ng komitment, buong panahong pagsisilbi, at pagsapi sa BHB ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa, laluna ng kabataan at mga nagmula sa kalunsuran.

Para sa lahat ng manggagawa, magsasaka, kabataan, propesyunal at makabayang burgesya, dinggin ang panawagan ng mamamayan! Wasto at makatarungan ang pagtangan ng armas para papanagutin ang reaksyunaryong estado sa lahat ng krimen nito laban sa mamamayan. Habang papadaluyong ang rebolusyon, lalangoy sa agos nito ang lahat nang nagnanais na tuluyang kumawala sa walang katiyakang bukas ng burges na pangarap. Tanging ang pagrerebolusyon ng lahat ng mamamayan ang magbibigay ng maluwalhating kinabukasan para sa lahat ng makabayang uring api at pinagsasamantalahan. Ito ang dahilan kung bakit mananatiling malakas at higit pang magpupunyagi ang Bagong Hukbong Bayan na kamtin ang mga rekisito para itaas sa susunod na antas ang digmang bayan at ipagwagi ito.

**Nasa satuyang pagkakasararo an pagkalda sa kapagtiosan!**
**Nasa sa satuyang pag-armas ang paglaom kan namamanwaan!**
**Bumangon at lumaban, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!**

---

Reference:

*Nel del Mundo*
Staff, National Democratic Front-Bicol
Facebook: Nel del Mundo
E-mail: ndfp73bicol@gmail.com
Wordpress: marojabanua.wordpress.com

*Pat del Rosario*
Staff, Romulo Jallores Command-NPA Bicol
Facebook: Pat del Rosario
E-mail: ndfp73bicol@gmail.com
Wordpress: marojabanua.wordpress.com